



Washington County Pamphlet para sa mga Botante Sa Wikang Tagalog

**Pangkalahatang Halalan
Nobyembre 3, 2026**

**Lupon ng mga Komisionado ng Washington County
(Washington County Board of County Commissioners)**

Kathryn Harrington, Chair
Nafisa Fai, ika-1 Distrito
Pam Treece, ika-2 Distrito
Jason Snider, ika-3 Distrito
Jerry Willey, ika-4 Distrito

PAUNAWA

Ito ang pamphlet para sa mga botante ng iyong county. Iniimprenta ng Halalang Pang-county ng Washington (Washington County Elections) ang impormasyon gaya ng naisumite. Hindi namin itinatama ang pagbaybay ng salita, bantas, gramatika, sintaks, mga mali o hindi tumpak na impormasyon. Ang pamphlet na ito ay naglalaman ng impormasyon para sa ilang distrito at maaaring may mga kandidato/panukalang-batas na hindi kasama sa iyong balota. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, tumawag sa 503-846-5800.

Impormasyon sa Pagpaparehistro ng Botante

Pagrehistro para Makaboto

Kwalipikado kang mag-rehistro para makaboto sa Oregon kung masasagot mo ng oo ang mga sumusunod na tanong:

- Ikaw ba ay residente ng Oregon?
- Ikaw ba ay isang mamamayan ng US?
- Ikaw ba ay hindi bababa sa 16 na taong gulang?

Kung ikaw ay 16 na taong gulang, hindi ka makatatanggap ng balota hanggang sa may maganap na isang halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.

Paano magparehistro

Maaari kang magparehistro online para makaboto sa oregonvotes.gov o kumuha ng kard ng rehistrasyon ng botante sa alinman sa mga sumusunod na lugar:

- Anumang Tanggapan para sa Halalang Pang-county
- Tanggapan ng Kalihim ng Estado (Secretary of State's Office)
- Ilang ahensya ng estado tulad ng mga Serbisyo para sa Drayber at De-motor na Sasakyan
- Isang kampanya para sa rehistrasyon ng botante
- Ilang lokasyon ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (US Postal Service)
- Mga Aklatan

Pagkatapos kumpletuhin ang iyong kard ng rehistrasyon, ipadala sa koreo o dalhin ito nang personal sa aming tanggapan.

Ang huling araw para sa mga bagong rehistrasyon at pagbabago ng partido ay 21 araw bago ang Araw ng Halalan.

Anong impormasyon ang kailangan para mag-rehistro?

Upang makumpleto ang iyong rehistrasyon, kailangan mong ibigay ang iyong:

- Buong legal na pangalan
- Tirahan (address)
- Address para sa koreo (kung naaangkop)
- Petsa ng kapanganakan
- Lagda
- Numero ng Lisensya sa Pagmamaneho sa Oregon, numero ng Kard ng Pagkakakilanlan (ID), o numero ng Social Security



Rehistrado ba ako para makaboto?

Ngayon ay maaari mo nang suriin ang iyong rehistro online: www.oregonvotes.gov

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon

TUMAWAG SA 1-866-ORE-VOTE / 673-8683

BISITAHIN ANG oregonvotes.gov

TTY 1-800-735-2900 para sa mga may kapansanan sa pandinig

ANG ALTERNATIBONG FORMAT NG BALOTA

ay isang tool sa pagboto na nagpapahintulot sa mga botanteng may kapansanan na bumoto nang pribado at independiyente.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa Balota sa Alternatibong Format, makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalang Pang-County ng Washington (Washington County Elections Division) sa 503-846-5800 o puntahan ang aming website sa

www.washcovotes.org



Pagsubaybay sa Iyong Balota!



Mag-sign up para makatanggap ng mga update at notipikasyon tungkol sa iyong balota mula sa Mga Halalan ng Washington County (Washington County Elections). Makatanggap ng text, email o mga voice alert kapag napadala na namin ang iyong balota, kapag natanggap ang iyong balota sa tanggapan ng Halalan, at kapag natanggap at nabilang ang iyong balota.

Mag-sign up sa washcovotes.ballottrax.net/voter o i-scan ang QR code na ito



Ang programa sa pagsubaybay ng balota ng Washington County ay isang pakikipagtulungan sa i3ballot. Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa serbisyong ito, mangyaring tawagan ang Halalan ng County ng Washington (Washington County Elections) sa **(503) 846-5800** o mag-email sa amin sa elections@washingtoncountyor.gov

Mag-sign up ngayon para magsimulang makatanggap ng mga notipikasyon sa iyong balota!

A screenshot of the ballottrax Washington County Elections website. The page has a dark header with the ballottrax logo and "Washington County Elections". The main content area features a scenic background image of a valley. Overlaid on this is a white box with the Washington County Oregon logo and the text "Trust That Your Vote Counts! Track the status of your mail-in ballot, from outbound to accepted". To the right, there is a "GET STARTED" section with a welcome message and instructions. Below this are input fields for "FIRST NAME", "LAST NAME", "DATE OF BIRTH", and "RESIDENTIAL ZIP CODE", each with an example. There is a checkbox for "I'm not a robot" and a "REGISTER / LOG IN" button at the bottom.


Nakalimbag ang mga pahayag tungkol sa kandidato at pahayag ukol sa panukalang-batas tulad ng naisumite

Hindi sinusuri ng Washington County ang impormasyong isinumite ng mga kandidato at taga-file ng pahayag ukol sa panukalang-batas. Hindi iwinawasto ang hindi tumpak o maling impormasyon.




Kumpletuhin ang iyong balota

Maingat na basahin at sundin ang lahat ng tagubilin na nakalathala sa iyong balota.



Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng inyong napili.




Upang isama ang pangalan ng isang kandidato:
Malinaw na isulat ang kanilang pangalan sa nakalaang patlang sa balota

-at-

Punan ang bilog sa tabi ng pangalan na isinama mo

Hindi ninyo kailangang bumoto sa lahat ng kategorya sa halalan. Bibilangin pa rin ang mga iboboto ninyo.

Suriin kung may mga mali



Kung bumoto ka nang mahigit sa isang opsyon, ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa kandidato o panukalang-batas na iyon.

Suriing mabuti ang iyong balota

Hindi mo maaaring baguhin ang iyong boto pagkatapos mong ibalik ang iyong balota.

Pamplet sa Wikang Tagalog para sa mga Botante ng Washington County

Makipag-ugnayan sa Halalang Pang-county ng Washington (Washington County Elections) sa **(503) 846-5800** o sa elections@washingtoncountyor.gov para humiling ng pamalit na balota kung:

- nagkamali ka
- nawala mo ang iyong balota
- nasira o namarkahan nang hindi tama ang iyong balota
- o sa anumang iba pang dahilan.



Mga Resulta ng Halalan sa Washington County

Malalaman simula 8 p.m. sa Araw ng Halalan

www.washcovotes.org



Online na Gabay para sa mga Botante

Ang impormasyong nakapaloob sa pamplet na ito para sa mga botante ay makukuha rin sa Online Voters' Guide (Online na Gabay para sa mga Botante).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon

TUMAWAG SA

1-866-ORE-VOTE / 673-8683

PUMUNTA SA

oregonvotes.gov

TTY

1-800-735-2900

para sa mga may kapansanan sa pandinig



Balota para sa Pagboto nang Nakaliban

I-update ang iyong rehistro kung ikaw ay malayo sa tahanan

Hindi ipadadala ng post office ang iyong balota.

Maaari kang humiling ng balota para sa pagboto nang nakaliban kung hindi ka uuwi sa panahon ng halalan. Ipadadala ang balota sa alternatibong address na iyong ibibigay.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon

TUMAWAG SA

1-866-ORE-VOTE/673-8683

PUMUNTA SA

www.oregonvotes.gov

TTY

1-800-735-2900

para sa mga may kapansanan sa pandinig



Labag sa batas ang:

- lagdaan ang sobre para sa pagbalik ng balota ng ibang tao para sa kanila
- bumoto ng higit sa isang beses sa isang halalan o magsumite ng dinayang balota
- magsumite ng balota kung hindi ka legal na kwalipikadong gawin ito
- mamilit, manggigipit o kung hindi man ay labis na impluwensiyahan ang ibang botante
- magbenta, mag-alok na magbenta, bumili, o mag-alok na bumili ng balota ng ibang botante
- hadlangan ang pasukan ng isang gusali kung saan matatagpuan ang booth ng pagboto o opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- sirain ang anyo, alisin, baguhin, o wasakin ang balota ng ibang botante, isang nakapaskil na paunawa tungkol sa halalan, o mga kagamitan o suplay para sa halalan
- subukang mangolekta ng mga hinulog na balota sa loob ng 100 talampakan mula sa isang opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- magtatag ng isang lugar ng drop box nang walang ipinakikitang karatula na nagsasabing “Not An Official Ballot Dropsite” (Hindi Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota)

Ang anumang mga paglabag sa mga tinukoy na batas na panghalalan ay napapailalim sa mga parusa mula sa Mga Sibil na Parusa (Hanggang \$250 bawat Paglabag), Class A Misdemeanor o Class C Felony.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon o kung sa tingin mo ay nalabag ang iyong mga karapatan bilang isang botante:

oregonvotes.gov

1 866 673 VOTE / 1 866 673 8683 se habla español

1 800 735 2900 para sa mga may kapansanan sa pandinig



Lungsod ng Portland (City of Portland)

Mga Impormasyon hinggil sa Pagboto Ayon sa Niranggong Pagpipilian sa mga Halalan sa Lungsod ng Portland (City of Portland)

Paano Ko Iboboto Ang Aking Ranked Choice Ballot?

Punan ang hindi hihigit sa isang oval bawat column at hindi hihigit sa isang oval bawat row.

- Punan ang isang oval sa Rank 1 column para sa kandidatong pinakagusto mo.
- Kung mayroon kang kandidato na pangalawa sa pinakagusto mo, punan ang isang oval sa Rank 2 column para sa kandidatong iyon, at gayon din para sa iba pa.
- Pinapayagan kang magranggo ng hanggang anim na kandidato, ngunit maaari kang bumoto para sa isa lamang kung gusto mo. Hindi makakasama sa iyong piniling Rank 1 ang pagraranggo ng iba pang mga kandidato.
- Upang isama ang pangalan ng isang kandidato, isulat ang pangalan ng kandidato sa patlang na inilaan at punan ang oval para sa ranggo na iyong pinili.

Bumoto ka man para sa iisang panalo (tulad ng Mayor ng Portland) o sa maraming panalo (tulad ng para sa mga Konsehal ng Lungsod ng Portland), pareho lang ang ayos ng balota at ang mga hakbang sa pagboto.

MGA KARANIWANG PAGKAKAMALI

Mga Nilaktawang Pagraranggo

Kapag pinupunan ang iyong balota, kung lumaktaw ka ng isang column ng ranggo, ang iyong susunod na pinakamataas na ranggo ang aakyat upang pumalit dito sa proseso ng pagbibilang.

Naulit na Pagraranggo

Kung iraranggo mo ang iisang kandidato nang maraming beses, ang pinakamataas na ranggo lamang ang tatanggapin at ang bawat mas mababang ranggo para sa parehong kandidato ay babalewalain, na parang lumaktaw ka sa ranggong iyon.

Labis na Pagboto

Kung pipili ka ng maraming kandidato sa parehong ranggo—halimbawa, kung iraranggo mo ang dalawang kandidato bilang iyong first choice—iyon ay isang labis na pagboto (overvote). Ang iyong labis na ibinotong ranggo ay hindi isasama sa pagbibilang at ang iyong susunod na mataas na pinili ay awtomatikong aakyat upang ipalit sa nabanggit na labis na boto.



Mga Opisyal na Lugar ng Drop Box ng Balota sa Washington County

Ibalik ang iyong hinulog na balota sa isang opisyal na drop box bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.

Ang lahat ng opisyal na mga drop box na nakalista sa ibaba ay bukas 24 na oras sa isang araw hanggang sa deadline na 8 p.m. sa Araw ng Halalan.



ALOHA

Aklatang Pang-komunidad ng Aloha (Aloha Community Library)

17455 SW Farmington Rd Ste 26A

Aloha, OR 97007

BANKS

Munisipyo/Aklatan ng Banks (Banks City Hall/Library)

42461 NW Market St

Banks, OR 97106

BEAVERTON

Lungsod ng Beaverton (Beaverton City) (Malapit sa Aklatan)

Sa Tabi ng Kalsada sa Hall Blvd

sa pagitan ng 3rd at 5th Streets

Beaverton, OR 97005

Aklatan ng Beaverton-Murray Scholls (Beaverton Library-Murray Scholls)

11200 SW Murray Scholls Place, Ste 102

Beaverton, OR 97007



Aklatan ng Bethany (Bethany Library)

15325 NW Central Dr Ste J-8
Portland, OR 97229

Aklatang Pang-komunidad ng Cedar Mill (Cedar Mill Community Library)

1080 NW Saltzman Rd
Portland, OR 97229

Silangang Sentro ng Serbisyo ng Washington County (Washington County Service Center East)

3700 SW Murray Blvd
Beaverton, OR 97005

Aklatang Pang-komunidad ng West Slope (West Slope Community Library)

3678 SW 78th Ave
Portland, OR 97225

CORNELIUS**Munisipyo ng Cornelius (Cornelius City Hall)**

1355 N. Barlow St
Cornelius, OR 97113

FOREST GROVE**Aklatang Panlungsod ng Forest Grove (Forest Grove City Library)**

Pacific Ave at Birch St
Forest Grove, OR 97116

GARDEN HOME**Aklatang Pang-komunidad ng Garden Home (Garden Home Community Library)**

7475 SW Oleson Rd
Portland, OR 97223

HILLSBORO**Pangunahing Aklatan ng Hillsboro (Hillsboro Main Library)**

2850 NE Brookwood Pkwy
Hillsboro, OR 97124

Pampublikong Aklatan ng Hillsboro-Shute Park (Hillsboro Public Library-Shute Park)

775 SE 10th Ave
Hillsboro, OR 97123

Parking Lot ng Gusali para sa Mga Pampublikong Serbisyo (Public Services Building Parking Lot)

155 N 1st Ave
Hillsboro, OR 97124

Halalang Pang-county ng Washington (Washington County Elections)

2925 NE Alcolek Dr, Ste 170
Hillsboro, OR 97124

Westside Commons

801 NE 34th Ave
Hillsboro, OR 97124

KING CITY

Munisipyo ng King City (King City City Hall)

15300 SW 116th Ave
King City, OR 97224

NORTH PLAINS

Munisipyo ng North Plains (North Plains City Hall)

31360 NW Commercial St
North Plains, OR 97133

SHERWOOD

Munisipyo ng Sherwood (Sherwood City Hall)

22560 SW Pine St
Sherwood, OR 97140

TIGARD

Munisipyo ng Tigard (Tigard City Hall)

13125 SW Hall Blvd
Tigard, OR 97223

TUALATIN

Munisipyo ng Tualatin (Tualatin City Hall)

18880 SW Martinazzi Ave
Tualatin, OR 97062

I-scan ang QR code na ito para makita sa mapa ang mga lokasyon para sa pagsumite ng balota:



Maaari mong ihulog ang iyong balota sa alinmang opisyal na drop box ng balota o sa tanggapan para sa pangangasiwa ng mga halalan sa Estado ng Oregon.



Panukalang-Batas 34-352 Lungsod ng Banks (City of Banks)

Ipinataw na Buwis para Pondohan ang mga Nakatalagang Serbisyo sa Pagpapatupad ng Batas ng County ng Washington

TANONG:

Dapat bang magpataw ang Lungsod ng \$2.50 bawat nasuring \$1,000 sa loob ng limang taon simula sa Taong Piskal 2027-2028 para sa mga serbisyo sa pagpapatupad ng batas? Pinanunumbalik ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang mga lokal na opsyon sa buwis.

BUOD:

Inirekomenda ng Konseho ng Lungsod ng Banks (Banks city council) ang panukalang-batas na ito para sa balota ng Nobyembre 3, 2026, upang ipagpatuloy ang kasalukuyang lokal na opsyon sa buwis na \$2.50 bawat \$1,000 ng nasuring halaga. Kung maaprubahan, magpataw ang lungsod ng \$2.50 kada \$1,000 ng nasuring halaga sa bawat taon sa loob ng limang taon simula 2027 upang ipagpatuloy ang kontrata sa Sheriff ng County ng Washington (Washington County Sheriff) para sa buong-oras na mga lokal na serbisyo ng pulisya. Kung hindi maaprubahan ang ipinataw na buwis na ito, mawawalan ang Lungsod ng mga nakatalagang serbisyo ng pulisya, kabilang ang agarang pagtugon sa 911, pag-iwas sa krimen, pagpapatupad ng batas at trapiko, mga programa para sa kabataan at paaralan, pagsisiyasat sa krimen, pagpapatupad ng mga ordinansa ng lungsod, mga serbisyo ng tagapangalaga ng kaayusan sa hukuman, at iba pang serbisyong pampulisya na partikular sa lungsod. Nakipagkontrata ang lungsod sa County ng Washington mula pa noong 2006, at ang ipinataw na buwis na ito ay nagpapatuloy sa pagpopondo para sa mga serbisyong iyon sa antas na buong-oras [24/7 (24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo)] (dalawang kinatawan, dalawang shift bawat linggo). Para sa mga bahay na may nasuring halagang \$100,000, tinatayang \$250 ang taunang buwis. Ito ay isang PAGTATANTYA LAMANG batay sa pinakamainam na impormasyong makukuha mula sa tagasuri ng county sa oras ng pagtatantya at maaaring hindi sumalamin sa mga diskwento sa maagang pagbabayad, pagbabawas ng buwis sa ari-arian, o mga gastos sa pangongolekta.

Pagpapaliwanag na Pahayag:

Bakit iminumungkahi ang ipinataw na buwis na ito?

Nangangailangan ang Lungsod ng pagpopondo upang ipagpatuloy ang kontrata para sa mga serbisyo sa pagpapatupad ng batas na ibinigay ng Kagawaran ng Sheriff ng County ng Washington (Washington County Sheriff's Department) dahil magtatapos na

ang pondo ng kasalukuyang kontrata. Magtatapos ang kasalukuyang kontrata sa Hunyo 30, 2027; pagkatapos nito, ang Lungsod ay mawawalan ng mga nakalaang serbisyo ng pulisya kung walang bagong kontrata at ipinataw na buwis upang pondohan ito. Ang mga pondo mula sa ipinataw na buwis na ito ay gagamitin upang magkaloob ng buong-oras [24/7 (24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo)] na saklaw para sa Lungsod ng Banks (City of Banks) mula sa Kagawaran ng Sheriff ng County ng Washington (Washington County Sheriff's Department) para sa mga lokal na serbisyo ng pulisya at karaniwang kinakailangang gastusing administratibo gaya ng serbisyong pampubliko, pagsusuri ng mga talaan, seguro sa pananagutan, pagpapadala ng mga tauhan sa pamamagitan ng 911, at mga gastusin sa materyales. Kung maaaprubahan ang panukalang-batas na ito, patuloy na magpapataw ang lungsod ng \$2.50 kada \$1,000 ng nasuring halaga sa bawat taon sa loob ng limang taon simula sa taon ng buwis 2027. Ito ay magiging pagpapanibago ng kasalukuyang ipinataw na buwis sa pagpapatupad ng batas na \$2.50 kada \$1,000 ng nasuring halaga na ipinapatupad mula pa noong 2022 at magpapatuloy sa kontrata sa Kagawaran ng Sheriff ng County ng Washington (Washington County Sheriff's Department) para sa 2 buong-oras at nakalaang mga deputy na nagtatrabaho sa pinagsamang kabuuang 80 oras bawat linggo sa Banks. Kabilang sa mga serbisyong ibinibigay ng Kagawaran ng Sheriff ng County ng Washington (Washington County Sheriff's Department) ang pagpapatrolya ng pulisya partikular sa Lungsod ng Banks (City of Banks), gayundin ang pagsisiyasat sa pinangyarihan ng krimen, anumang programang pangkamalayan ng publiko na iniaalok ng Washington County, access sa mga pambansang talaan ng krimen, mga malawakang operasyon sa pagpapatupad ng batas trapiko, mga serbisyo ng tagapangalaga ng kaayusan sa hukuman ng munisipyo, pag-iwas sa krimen, at iba pa. Kung hindi maaprubahan ang ipinataw na buwis na ito, ang Banks ay magkakaroon lamang ng pagtugon sa pagpapatupad ng batas para sa mga tawag na pang-emerhensiya, *gaya ng mga* tawag sa 911 na mataas ang prayoridad, at iba pa, mula sa isang opisyal na nakatalaga rin sa buong kanlurang bahagi ng Washington County. Walang magiging serbisyong magagamit para sa iba pang uri ng gawain ng pulisya sa Lungsod. Kinakailangan ang ipinataw na buwis na ito upang mapanatili ang buong-panahong saklaw ng serbisyo ng pulisya sa Lungsod ng Banks (City of Banks) at mapaglingkuran ang mga residente, bisita, negosyo, at mga mag-aaral ng Lungsod sa Sistema ng Paaralan ng Banks (Banks School System).

Sino ang pinagsisilbihan ng serbisyo sa pagpapatupad ng batas ng Lungsod?

Kung natanggap ninyo ang balotang ito, paglilingkuran kayo ng mga serbisyo sa pagpapatupad ng batas na sinusuportahan ng ipinataw na buwis na ito.

Ano ang magiging epekto ng ipinataw na buwis sa buwis sa ari-arian ng may-ari ng bahay?

Tinatayang magiging karaniwang \$2.50 bawat \$1,000 ng nasuring halaga ang kapalit na ipinataw na buwis. Kung maaprubahan, makikita ng mga may-ari ng bahay ang mga sumusunod na tinatayang taunang epekto:

Bahay na may nasuring halagang \$100,000: $\$2.50 \times \$100,000 = \$250$

Bahay na may nasuring halagang \$150,000: $\$2.50 \times \$150,000 = \$375$

Kailan unang lalabas ang ipinataw na buwis na ito sa mga singil sa buwis sa ari-arian?

Isasama ang ipinataw na buwis na ito sa singil sa buwis sa ari-arian na dapat bayaran sa Nobyembre 2027.

(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng: Marsha Kirk, Alkalde, Lungsod ng Banks (City of Banks))



Panukalang-Batas 34-353 Lungsod ng Forest Grove (City of Forest Grove)

Mga Bond ng Pangkalahatang Obligasyon para Palitan ang Kasalukuyang Pasilidad ng Pulisya

TANONG:

Dapat bang mag-isyu ang Forest Grove ng mga bond ng pangkalahatang obligasyon na hindi lalampas sa \$29.5 milyon na pangunahing halaga para sa isang bagong pasilidad ng pulisya? Kung maaaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi saklaw ng mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

BUOD:

Ang pag-apruba sa panukalang-batas na ito ay magpapahintulot sa Lungsod ng Forest Grove (City of Forest Grove) na mag-isyu ng hanggang \$29.5 milyon sa mga bond ng pangkalahatang obligasyon upang maglaan ng bagong pasilidad ng pulisya sa ari-arian ng Lungsod.

Ang kasalukuyang pasilidad ay itinayo noong 1977 at nanatiling pareho ang laki habang lumaki ang bilang ng mga tauhan ng kagawaran mula 12 hanggang 42. Ang pag-aayos o pagpapalawak sa kasalukuyang pasilidad ay mas mahal kaysa sa pagtatayo ng bagong pasilidad. Ang mga bond ay magpopondo sa mga gastusing kapital, kabilang ang:

- Pagdaragdag ng espasyo para sa ebidensya
- Paglikha ng isang ligtas na lugar para sa pakikipanayam sa mga biktima
- Pagtitiyak ng paghihiwalay sa mga nasa hustong gulang at mga menor de edad na nagkasala
- Pagpapabuti sa pagiging madaling gamitin
- Pagtugon sa mga pamantayan sa lindol at gusali
- Pagbibigay ng ligtas na paradahan para sa mga sasakyan at kagamitan ng pulisya

Ang singil sa ipinataw na buwis ay tinatayang nasa \$0.69 bawat \$1,000 nasuring halaga. Ang mga bond ay tinatayang nagkakahalaga ng humigit-kumulang \$193 bawat taon para sa karaniwang nasuring tahanan. Maaaring mag-iba ang aktuwal na mga rate ng ipinataw na buwis dahil sa mga rate ng interes sa panahon ng pag-isyu at mga pagbabago sa nasuring halaga. Ang mga bond ay maaaring ilabas sa maraming serye, na magtatapos sa loob ng 21 taon o mas maikli mula sa pagpapalabas.

Pagpapaliwanag na Pahayag

Ang mga nalikom mula sa mga bond na ito ay magbibigay ng bagong pasilidad ng pulisya para sa Kagawaran ng Pulisya ng Forest Grove (Forest Grove Police Department). Itinayo ang kasalukuyang pasilidad ng pulisya noong 1977. Mula noon, ang Kagawaran ng Pulisya ay lumaki mula 12 hanggang 42 tauhan habang ang pasilidad na may sukat na 12,120 square-foot ay nanatiling pareho ang laki.

Ginagamit ng mga opisyal ng pulisya ang kasalukuyang pasilidad upang imbestigahan ang mga kaso, protektahan at iproseso ang ebidensya, pansamantalang ikulong at iproseso ang mga lumabag sa batas, makipagkita sa mga biktima, kapanayamin ang mga suspek, magsanay sa mga kasalukuyang kasanayan at pamamaraan, sumulat ng mga ulat, at protektahan ang mga sasakyan at kagamitan sa pagpapatrolya.

Natukoy sa Pagtatasa ng Pangangailangan sa Pasilidad ng Pulisya noong 2016 ang 34 na makabuluhang kakulangan sa kasalukuyang pasilidad, kabilang ang:

- Hindi sapat na espasyo para sa pagproseso at pag-iimbak ng ebidensya, na maaaring maglagay sa panganib sa mga kaso.
- Kakulangan sa isang ligtas at pribadong lugar para sa pakikipanayam sa mga biktima, na maaaring magresulta sa pagkarinig ng sensitibong impormasyon.
- Kakulangan sa sapat na paghihiwalay sa pagitan ng mga nasa hustong gulang at menor de edad na lumabag sa batas ayon sa hinihingi ng batas ng estado.
- Limitadong pagiging madaling magamit para sa mga taong may kapansanan.
- Hindi sumusunod sa mga kinakailangan ng ADA, mga pamantayan sa gusali at lindol.
- Hindi sapat na ligtas na paradahan para sa mga sasakyan at kagamitan ng pulisya.

Noong 2018, sinuri ng isang Alternatibong Pagsusuri kung dapat baguhin, palawakin, o palitan ang kasalukuyang pasilidad. Kabilang sa mga natuklasan nito ang:

- Ang muling pag-aayos o pagpapalawak ng kasalukuyang pasilidad ay hindi praktikal at mas mahal kaysa sa pagtatayo ng bagong pasilidad.
- Ang kasalukuyang pasilidad ay hindi kayang sumuporta ng pangalawang palapag.
- Ang kasalukuyang pasilidad ay hindi tumutugon sa mga kasalukuyang pamantayan sa gusali at kaligtasan.
- Ang kasalukuyang laki ng lote ay hindi sapat upang palawakin ang kasalukuyang pasilidad at ligtas na paradahan.

Batay sa mga natuklasang ito, nagdisenyo ang Mackenzie Architecture ng bagong pasilidad, na isinailalim sa value engineering mula sa humigit-kumulang 25,000

Pamplet sa Wikang Tagalog para sa mga Botante ng Washington County

hanggang 21,500 square feet upang mabawasan ang mga gastusin at humigit-kumulang 45% na mas malaki kaysa sa kasalukuyang pasilidad. Ang disenyo ay nagtatampok ng:

- Pinalawak na imbakan para sa ebidensya at talaan sa isang kapaligirang kontrolado ang temperatura upang mapanatili ang integridad ng mga ebidensiya.
- Nakalaan, pribado, at ligtas na mga espasyo para sa panayam para sa mga biktima at pamilya.
- Hiwalay na mga lugar para sa pansamantalang paghawak sa mga nasa hustong gulang at menor de edad na nagkasala upang sumunod sa batas ng estado at matugunan ang mga alalahanin sa kaligtasan.
- Pagsunod sa mga kinakailangan ng ADA, mga pamantayan sa gusali at lindol.
- Ligtas na paradahan upang maprotektahan ang mga sasakyan at kagamitan.
- Sapat na espasyo para makapagtrabaho ang mga opisyal sa mga kaso at epektibong makapagsanay.

Isinasama ng bagong disenyo ang mga elemento ng kasaysayan ng Forest Grove at kalapitan sa kalikasan, gamit ang mga materyales tulad ng tisa at kahoy. Inaasahan na matutugunan nito ang mga pangangailangan ng komunidad sa loob ng 40 taon o higit pa.

Matatagpuan ang bagong pasilidad sa kanto ng 19th at Birch sa ari-arian na pag-aari ng Lungsod, na katabi ng iba pang pasilidad ng Lungsod. Ang lokasyon ay matatagpuan sa sentro upang mapadali ang maginhawang pag-akses ng publiko at mapanatili ang mga oras ng pagtugon.

Ang pagpopondo sa bagong pasilidad ay tinatayang aabot sa \$29.5 milyon. Para sa karaniwang sinuring sambahayan, ito ay humigit-kumulang \$193 bawat taon o \$17 bawat buwan. Maaaring mag-iba ang aktuwal na mga rate ng ipinataw na buwis dahil sa mga rate ng interes sa panahon ng pag-isyu at mga pagbabago sa nasuring halaga. Ang mga bond ay maaaring ilabas sa maraming serye, na magtatapos sa loob ng 21 taon o mas maikli mula sa pagpapalabas.

Ang bagong pasilidad ay susunod na hakbang sa pangmatagalang plano ng Lungsod para sa mga gusali at isang pamumuhunan upang matiyak ang kaligtasan, pagiging madaling magamit, at kahusayan sa pagpapatakbo ng Kagawaran ng Pulisya ng Forest Grove (Forest Grove Police Department).

(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng: Konseho ng Lungsod ng Forest Grove (Forest Grove City Council))

Panukalang-Batas 34-354 Lungsod ng King City (City of King City)

Pag-amyenda sa Modernisasyon ng Karta ng Lungsod ng King City (City of King City Charter Modernization Amendment)

TANONG:

Dapat bang amyendahan at muling isulat ng Lungsod ng King City (City of King City) ang umiiral na Karta upang gawing makabago, i-update, at linawin ang mga probisyon ng Karta?

BUOD:

Itinatag ng Karta ng King City ang istruktura ng pamahalaan para sa Lungsod. Inaamyendahan ng panukalang-batas na ito ang Karta ng Lungsod ng King City (City of King City) ng 2006.

Ang mga pag-amyenda sa Karta ay ang mga sumusunod:

- Pagdaragdag ng mga kahulugan upang maging malinaw.
- Pagbabago sa teksto upang higit na maging katulad ng kasalukuyang Modelong Karta ng Liga ng mga Lungsod ng Oregon (League of Oregon Cities).
- Ang paunang salita ay nilinaw at pinaikli.
- Pinalitan ang salitang “shall” (dapat) ng “will” (ay) kung saan naaangkop.
- Inalis ang mga seksyon na hindi naipatutupad ayon sa batas o saklaw ng batas ng estado.
- Muling pagnunumero sa karta mula 1.00 hanggang 1.1.
- Idinagdag ang 2.4 Pagsusuri ng Karta.
- Pinalinaw ang mga bakanteng posisyon sa mga pampublikong tanggapan.
- Pinalinaw ang lahat ng tungkulin para sa mga Konsehal, Alkalde, at Pangulo.
- Pinalinaw ang mga pagbabawal sa Konsehal.
- Tinanggal ang pagbabawal sa kompensasyon para sa mga Konsehal.
- Inalis ang mga tungkulin ng opisyal (Tagapamahala ng Lungsod, Hukom, Abogado ng Lungsod) mula sa Karta at papagtibayin sa pamamagitan ng resolusyon o ordinansa.

Ang panukalang-batas na ito ay tinukoy ng mga botante ng Lungsod ng King City (City of King City) at Konseho ng Lungsod batay sa rekomendasyon ng Komite sa Pagsusuri ng Karta at sa mga workshop at espesyal na pagpupulong ng Konseho ng Lungsod.

Pagpapaliwanag na Pahayag:



Pamplet sa Wikang Tagalog para sa mga Botante ng Washington County

Ang Karta ng King City ang dokumentong namamahala sa Lungsod. Itinakda nito ang organisasyon ng Lungsod, mga kapangyarihan, pananagutan ng mga halal na opisyal at iba pang opisyal, at mga pamamaraan para sa mga hakbang ng Konseho. Ang Karta ay huling binago noong 2006.

Bumuo ang Konseho ng Lungsod ng Komite sa Pagsusuri ng Karta upang suriin ang Karta at magrekomenda ng mga pagbabago. Pampublikong nagpulong ang Komite simula Abril 2025 hanggang Enero 2026. Isinaalang-alang ng Konseho ng Lungsod ang mga rekomendasyon ng Komite sa mga pampublikong pagpupulong at sesyon sa pagtatrabaho bago isumite ang panukalang-batas na ito sa mga botante.

Aamyendahan at muling isasaad ng panukalang-batas na ito ang Karta. Pananatiliin nito ang kasalukuyang pormang konseho-tagapamahala ng pamahalaan ng King City, kasalukuyang bilang ng mga Konsehal, at kasalukuyang pamamaraan sa pagpili ng Alkalde. Muling aayusin nito ang Karta at magdaragdag ng mga kahulugan upang linawin ang mga terminong ginagamit sa buong dokumento.

Ia-update ng panukalang-batas ang mga probisyong tumutugon sa mga kapangyarihan ng Lungsod; pagiging miyembro sa Konseho ng Lungsod, mga bakanteng posisyon, mga opisyal, mga pagpupulong, at mga pamamaraan; mga opisyal ng Lungsod; mga departamento at ahensya; pamamahala sa pananalapi; at iba't ibang usapin. Hiwalay nitong tutukuyin ang awtoridad sa paggawa ng batas, pang-administratibo, at mala-hukuman, at magdaragdag ng probisyon sa pagsusuri ng Karta

Babaguhin ng panukalang-batas ang mga kinakailangan hinggil sa mga bakanteng posisyon, mga tungkulin ng Konsehal, mga pagbabawal, at kabayaran ng Konsehal. Tatanggalin nito sa Karta ang detalyadong mga tungkulin ng Tagapamahala ng Lungsod, Hukom ng Munisipalidad, at Abogado ng Lungsod. Sa halip, itatakda ang mga tungkuling iyon sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon ng Lungsod, kung naaangkop.

Makukuha ang kumpletong iminungkahing Karta sa Munisipyo ng King City (King City – City Hall) at sa [website ng Lungsod](#). Kung hindi maaprubahan ang panukalang-batas, mananatiling may bisa ang kasalukuyang Karta.

(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng: Ronnie Smith, Tagapagtala ng Lungsod/Opisyal ng Halalan)

Panukalang-Batas 26-267 Lungsod ng Portland (City of Portland)

Pag-amyenda sa Karta: Ang mga residente ng Portland ang magpapasya sa 2% ng taunang diskresyonaryong badyet ng lungsod.

TANONG:

Dapat bang lumikha ang Portland ng programa sa pakikibahaging pagbabadyet para sa mga residente upang gumawa ng mga may bisang desisyon sa paggugol ng 2% ng diskresyonaryong badyet ng lungsod?

BUOD:

Sa kasalukuyan, ang Alkalde ay nakikipagtulungan sa Tagapamahala ng Lungsod, mga kawanihan, at pamayanan upang bumuo ng iminumungkahing badyet; pagkatapos ay isinasaalang-alang ng Konseho, nag-aamyenda ayon sa pangangailangan, at pinagtitibay ito pagkatapos ng mga pampublikong pagdinig. Kung hindi maaprubahan ang panukalang-batas, hindi magbabago ang prosesong ito.

Kung maaprubahan ang panukalang-batas, iaatas ng naamyendahang Karta sa Konseho na maglaan ng halagang katumbas ng hindi bababa sa 2% ng mga pinagtibay na patuloy na diskresyonaryong gastusin sa Pangkalahatang Pondo ng lungsod (maaaring tukuyin ng Konseho ang pagpopondo mula sa buong badyet ng lungsod upang matugunan ang obligasyon sa pagpopondo) para sa isang programa sa pakikibahaging pagbabadyet na:

- Binuo sa tulong ng mga mungkahi mula sa komite sa pagsubaybay, na pinili sa pamamagitan ng prosesong itinakda ng Konseho, na binubuo ng mga residente mula sa lahat ng distrito ng Konseho
- Bukas sa mga panukala sa pagpopondo ng sinumang residente para sa mga proyekto sa buong lungsod o distrito:
 - Susuriin at lilinawin ng mga kawani ng lungsod at mga kinatawan sa badyet mula sa lahat ng distrito ang mga panukala upang maging limitadong bilang ng mga maisasagawang proyekto sa isang malinaw na proseso
 - Ang mga maisasagawang proyekto ay uusad sa isang proseso ng pagpili na may bisa at bukas at madaling magagamit ng lahat ng residente
- Magsisimulang ipatupad sa Hulyo 2027
- Batay sa kamakailang pagtataya, ang paunang tinatayang halaga ay:
 - 16.4 milyon sa Taong Piskal 2027-28
 - 17.0 milyon sa Taong Piskal 2028-29
- Alinsunod sa Batas sa Lokal na Badyet ng Oregon



Iba pang mga probisyon.

Panukalang-Batas 3-641 Lungsod ng Wilsonville (City of Wilsonville)

Bumoto upang aprubahan ang Distrito ng Pagpapaunlad ng Sentro ng Bayan ng Wilsonville (Wilsonville Town Center Development District).

TANONG:

Dapat bang pagtibayin ng Lungsod ang ipinapanukalang Ordinansa Blg. 905 na nagtatatag sa Distrito ng Pagpapaunlad ng Sentro ng Bayan ng Wilsonville (Wilsonville Town Center Development District), isang distrito para sa pagpapanibago ng kalunsuran?

BUOD:

Ang panukalang-batas na ito ay mag-aapruba sa pagpapatibay ng Ordinansa Blg. 905 na nagtatatag sa Distrito ng Pagpapaunlad ng Sentro ng Bayan ng Wilsonville (Wilsonville Town Center Development District), isang distrito para sa pagpapanibago ng kalunsuran sa ilalim ng batas ng Oregon, upang tugunan ang pagkasira at tulungang pondohan ang mga pagpapabuti sa loob ng hangganan ng distrito. Upang mabasa ang Ordinansa, pumunta sa <https://www.wilsonvilleoregon.gov/ord-905>.

Pinahihintulutan ng panukalang-batas ang paggamit ng pagpopondo sa pamamagitan ng pagtaas ng buwis (Tax Increment Financing TIF), isang paraan sa pagpopondo na magagamit sa ilalim ng mga batas ng Oregon tungkol sa Pagpapanibago ng Kalunsuran. Ang TIF ay **hindi isang bagong buwis o pagtaas ng halaga ng buwis**. Sa halip, ang hinaharap na paglago sa mga nasuring halaga ng ari-arian sa loob ng distrito ay naglilikha ng kitang gagamitin upang tumulong sa pagpopondo ng mga kwalipikadong proyekto, habang ang mga distrito ng pagbubuwis ay patuloy na tumatanggap ng mga kita mula sa buwis sa ari-arian batay sa kasalukuyang mga nasuring halaga.

Nagpapanukala ang Distrito ng Pagpapaunlad ng Sentro ng Bayan (Town Center Development District) na tumulong sa pagpopondo ng:

Mga Lugar para sa Pagtitipon, Paradahan:

- Mga tanawin at pasilidad sa lansangan, mga liwasan para sa pagkain sa labas at mga kaganapan
- Mga pasilidad ng paradahan, mga pagpapabuti para mabawasan ang epekto ng trapiko

Maliit na Negosyo, Pag-papaunlad ng Ekonomiya:

- Mga insentibo para sa mga bagong kainan, mga kariton ng pagkain, at maliliit na lokal na negosyo

Imprastraktura:

- Mga kalyeng may mga palamuting halaman, mga bangketa, at iba pang mga pagpapabuti na sumusuporta sa bagong pagpapaunlad sa Sentro ng Bayan (Town Center)

Mga Detalye ng Plano:

- Pinakamataas na pagkakautang (limitasyon sa paggastos) na \$152 milyon (\$85.5 M sa halaga ng pera ngayon)
- Isinaayos bilang mas maliliit na pag-utang sa paglipas ng panahon
- Tagal na 28 taon

Pagpapaliwanag na Pahayag:

Nagtatanong ang panukalang-batas na ito kung dapat bang patibayin ng Lungsod ng Wilsonville (City of Wilsonville) ang Ordinansa Blg. 905 na lumilikha sa **Distrito ng Pagpapaunlad ng Sentro ng Bayan (Town Center Development District)** (ang "Distrito"), isang distrito para sa pagpapanibago ng kalunsuran na itinatag sa ilalim ng batas ng Oregon. Kung maaaprubahan, pagtitibayin ng Ordinansa ang **Plano ng Distrito ng Pagpapaunlad ng Sentro ng Bayan (Town Center Development District Plan)** (ang "Plano") at papahintulutan ang paggamit ng pagpopondo sa pamamagitan ng pagtaas ng buwis upang matugunan ang pagkasira at tulungang pondohan ang mga kwalipikadong proyektong tinukoy sa Plano.

Buong Teksto at Mga Dokumento

Ang karagdagang impormasyon, kabilang ang Ordinansa Blg. 905, ang Plano, at ang kasamang Ulat, ay makikita sa <https://www.wilsonvilleoregon.gov/ord-905>.

Ano ang gagawin ng Distrito?

Ang Plano ng Sentro ng Bayan (Town Center Plan), na pinagtibay noong 2019 kasunod ng ilang taong proseso ng pakikipag-ugnayan sa publiko, ay nagtatatag ng isang pangmatagalang pananaw para sa lugar. Ang iminungkahing Plano ay magbibigay ng isang paraan ng pagpopondo - **pagpopondo sa pamamagitan ng pagtaas ng buwis (pagpapanibago ng kalunsuran)** - upang tumulong na pondohan ang mga programa at mga pampublikong pagpapabuti na sumusuporta sa pananaw na iyon.

Kasama sa iminungkahing Distrito ang ari-arian sa loob at katabi ng Kalsadang Paikot ng Sentro ng Bayan (Town Center Loop) at ang komersyal na lugar ng Village at Main sa timog ng Kalsada ng Wilsonville (Wilsonville Road).

Ang mga pribadong proyekto sa pagpapaunlad (mga bagong gusali) ay mananatiling napapailalim sa naaangkop na pagsusuri sa paggamit ng lupa, mga permiso sa pagpapatayo, mga bayarin, at iba pang pag-apruba ng Lungsod.

Anong mga proyekto ang maaaring pondohan?

Tinutukoy ng plano ang mga kwalipikadong pampublikong proyekto at programa, kabilang ang:

- Mga parke at mga pampublikong lugar para sa pagtitipon
- Mga pasilidad ng paradahan
- Mga programa sa pag-unlad ng ekonomiya, mga insentibo para sa pwesto ng kariton ng pagkain at maliliit na negosyo
- Mga pagpapabuti sa transportasyon, bangketa, bisikleta, at para sa mga naglalakad
- Imprastraktura ng mga serbisyong pampubliko

Nilalayon ng mga proyektong ito na tugunan ang pagkasira ng lugar at mapadali ang muling pagpapaunlad.

Paano gumagana ang pagpopondo sa pamamagitan ng pagtaas ng buwis?

Gumagamit ang pagpopondo sa pamamagitan ng pagtaas ng buwis ng paglago sa mga nasuring halaga ng ari-arian sa loob ng Distrito, na nangyayari pagkatapos ng paglikha nito, upang bayaran ang utang na inilabas para sa mga kwalipikadong proyekto. Ang bahagi ng mga kita mula sa buwis na nagmumula sa paglago sa loob ng Distrito ay tinatawag na 'pagtaas ng buwis.'

Ang panukalang-batas ay hindi magtatatag ng bagong buwis sa ari-arian o magtataas ng kasalukuyang mga halaga ng buwis sa ari-arian.

Pinahihintulutan ng Plano ang hanggang **\$152 milyon** sa pangunahing pagkakautang, na uutangin nang paunti-unti sa paglipas ng panahon, na may koleksyon ng karagdagang buwis na inaasahan sa loob ng **28 taon**, hanggang sa piskal na taong **2056**.

Ano ang inaasahang pagpapaunlad?

Ipinapalagay ng teknikal na Ulat na kasama ng Plano ang unti-unting muling pagpapaunlad, kabilang ang **2,381 yunit ng pabahay** at **1.1 milyong square feet ng bagong pangkomersyal na pagpapaunlad**.

Inaasahan din ng Ulat na ang halaga ng ari-arian ng Distrito na pwedeng buwisan ay maaaring tumaas mula sa humigit-kumulang **\$206 milyon** noong 2027 tungo sa humigit-kumulang **\$1.7 bilyon** kung magaganap ang inaasahang muling pagpapaunlad.

Ang mga pagpapalagay na ito ay ginagamit para sa pagpapalano at pagsusuri sa pananalapi. Ang mga ito ay hindi nag-aaprubo, nag-aatas, o naggagarantiya na ang

muling pagpapaunlad o mga hinaharap na nasuring halaga ay mangyayari bilang inaasahan.

Matapos magsara ang Distrito, titigil ang mga koleksyon ng karagdagang buwis at ang buong nasuring halaga ng lugar ay magiging magagamit sa lahat ng mga distritong nagpapataw ng buwis. Ang bago at mas malaking basehan ng buwis na ito ay nagiging bahagi ng piskal na pundasyon para sa mga hinaharap na pampublikong serbisyo.

Ano ang susunod na mangyayari?

Kung maipapasa ang panukalang-batas na ito, isasagawa ng Lungsod ang mga kinakailangang hakbang ayon sa batas upang isaalang-alang ang pagpapatibay sa Ordinansa Blg. 905 - tulad ng, pakikipagsanggunian sa mga magkakasanib na distritong nagpapataw ng buwis, isang pampublikong pagdinig sa harap ng Komisyon sa Pagpapalano, pampublikong abiso, at isang pampublikong pagdinig sa harap ng Konseho ng Lungsod.

Kung hindi maipapasa ang panukalang-batas, hindi malilikha ang Distrito sa ngayon.

(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Kimberly Veliz, Tagapagtala ng Lungsod)

Panukalang-Batas 34-355 Distrito ng Paaralan ng Hillsboro Bilang 1J (Hillsboro School District No. 1J)

Mga Bond na Mag-aayos sa mga Nasisira at Lumang Imprastruktura; Pagpapabuti ng Kaligtasan at mga Pasilidad na Bokasyonal.

TANONG:

Dapat bang maglabas ang Distrito ng mga bond upang madagdagan ang kaligtasan at seguridad, kumpunihin ang mga lumang paaralan at nasisirang imprastruktura, palawakin ang mga silid-aralan para sa bokasyon, at makakuha ng katumbas na pondo? Kung maaaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi saklaw ng mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

BUOD:

Mas Mababang Rate ng Buwis:

Inaasahang magresulta ang panukalang ito sa rate ng ipinataw na buwis para sa bond na \$1.84 bawat \$1,000 ng nasuring halaga - mas mababa kaysa sa karaniwang rate na ibinayad mula noong huling pag-apruba ng bond.

Kung maaprubahan, ang Distrito ay karapat-dapat para sa \$6.1 milyon na katumbas na pondo mula sa estado.

Ang Distrito ng Paaralan ng Hillsboro (Hillsboro School District) ay humihingi ng pag-apruba para sa pangunahing halagang \$430 milyon sa mga pangkalahatang bond sa obligasyon upang tustusan ang mga gastusin sa kapital, kabilang ang:

Pag-aayos ng mga Lumang Gusali:

- Palitan ang sirang bubong, panlabas na sapin ng gusali, HVAC, pagtutubero, sahig, at ilaw.

Mabuting Kalusugan sa mga Paaralan:

- Pagpapalit sa mga sistemang nagdudulot ng mga tagas, amag, at mga saradong silid-aralan.

Kaligtasan at Seguridad:

- Mga bagong pinto, kandado, bakod, kamera, sistema ng telepono, at awtomasyon ng gusali.

- Pagandahin ang seguridad sa teknolohiyang pangkompyuter at imprastraktura ng network.

Edukasyong Bokasyonal at Teknikal:

- I-update ang mga laboratoryo sa kompyuter, lumikha ng silid-aralan para sa agham ng pagsugpo sa sunog, at palawakin ang mga espasyo para sa STEM at bokasyonal na pagsasanay.

Karagdagang mga Proyekto:

- Mga pagpapahusay sa larangan, takbuhan, at mga pasilidad sa ilalim ng Title IX; pagpapalit ng mga bus, kagamitan sa kusina, mga sasakyan ng imbakan at pagpapatakbo ng pasilidad, at lumang teknolohiya.

Nangangailangan ng komite sa pangangasiwa ng komunidad at regular na pagsusuri ng mga talaan.

Pananalapi:

- Maaaring ilabas ang mga bond sa maraming serye, na ang bawat isa ay magtatapos sa loob ng 21 taon mula sa paglalabas.
- Ang tinatayang rate ng ipinataw ng buwis ay \$1.84 bawat \$1,000 ng nasuring halaga.
- Maaaring mag-iba ang aktuwal na mga rate ng ipinataw na buwis dahil sa mga rate ng interes at mga pagbabago sa halaga ng ari-arian.

Pagpapaliwanag na Pahayag:

Ang Distrito ng Paaralan ng Hillsboro (Hillsboro School District) ay ang ikaapat na pinakamalaking distrito ng paaralan sa Oregon, na nagsisilbi sa humigit-kumulang 18,000 mag-aaral sa 37 paaralan sa Hillsboro, North Plains, Cornelius, at mga nakapaligid na lugar ng County ng Washington.

IPINAGPAPATULOY ANG PAMUMUHUNAN NG KOMUNIDAD SA MGA PAARALAN

Ang panukalang-batas na ito sa bond ay bahagi ng patuloy na pangako ng Distrito sa mga ligtas, protektado, at maayos na pinapanatiling mga paaralan para sa mga mag-aaral at kawani sa lugar ng Hillsboro.

INAASAHANG MAGBUNGA NG MAS MABABANG RATE NG BUWIS SA BOND

Inaasahang magresulta ang panukalang-batas na ito sa rate ng ipinataw na buwis para sa bond na \$1.84 sa bawat \$1,000 ng nasuring halaga, na **mas mababa kaysa sa karaniwang rate na binayaran ng mga nagbabayad ng buwis sa Distrito mula noong naaprubahan ang huling bond.**



NAKAKATANGGAP NG KATUMBAS NA PONDO

Bukod pa rito, makatatanggap ang Distrito ng \$6.1 milyon na katumbas na pondo mula sa Estado sa pamamagitan ng Programa ng Oregon para sa Katumbas na Pondo para sa Pagpapahusay ng Pasilidad ng mga Paaralan (Oregon School Capital Improvement Match Program), ngunit kung makakapasa lamang ang panukalang-batas sa bond.

NAHAHARAP SA MGA HAMON ANG MGA PAARALAN SA HILLSBORO

- **Mga Lumang Gusali ng Paaralan:** Ang mga bubong, panlabas na sapin ng gusali, mga sistema ng HVAC, pagtutubero, mga sahig, at pag-iilaw sa buong Distrito ay umaabot na sa dulo ng kanilang napapakinabangang buhay. Ang mga sistemang ito ay nangangailangan ng pagkukumpuni o pagpapalit upang mapanatiling gumagana, tuyo, at ligtas ang mga paaralan, at para maiwasan ang karagdagang pagkasira at mas mamahaling pag-aayos sa hinaharap.
- **Mabuting Kalusugan sa mga Paaralan:** Ang ilang sistema ng gusali ay nagdudulot ng pagtagas at amag, na naging dahilan ng pagsasara ng mga silid-aralan sa ilang bahagi ng Distrito.
- **Kaligtasan at Seguridad:** Kailangang i-update sa mga pasilidad ng Distrito ang mga pinto, kandado, bakod, kamera, at sistema ng telepono, kasama ang mas matibay na seguridad sa teknolohiyang pangkompyuter at mga proteksiyon sa network upang mapanatiling ligtas ang mga mag-aaral at kawani.
- **Edukasyong Bokasyonal at Teknikal:** Hindi na nakakasabay sa lumalaking pangangailangan para sa mga programang pangkompyuter, agham ng pagsugpo sa sunog, at STEM ang mga espasyo para sa bokasyonal at pagsasanay sa karera.

HILING SA BOND SA 2026

Ang Distrito ng Paaralan ng Hillsboro (Hillsboro School District) ay bumuo ng isang panukala sa bond upang tugunan ang mga pangangailangang ito sa pasilidad. Ayon sa batas, maaari lamang gamitin ang nalikom mula sa mga bond para sa mga gastusing pangkapital. Kung maaprubahan, inaasahang popondohan ng bond ang:

- Pag-aayos ng mga Lumang Gusali:
Kumpunihin o palitan ang mga sirang bubong, panlabas na sapin ng gusali, HVAC, pagtutubero, sahig, at ilaw
- Suportahan ang Mas Malusog na mga Paaralan:
Pagpapalit sa mga sistemang nagdudulot ng mga tagas, amag, at mga saradong silid-aralan
- Palakasin ang Kaligtasan at Seguridad:
Maglagay ng mga bagong pinto, kandado, bakod, kamera, at sistema ng

- telepono; pahasayin ang awtomasyon ng gusali, seguridad sa teknolohiyang pangkompyuter, at imprastraktura ng network
- Pagpapalawak ng Edukasyong Bokasyonal at Teknikal:
I-update ang mga laboratoryo sa kompyuter, lumikha ng silid-aralan para sa agham ng pagsugpo sa sunog, at palawakin ang mga espasyo para sa STEM at bokasyonal na pagsasanay
 - I-update ang mga Pasilidad at Kagamitan ng Distrito kabilang ang:
Pagpapahusay ng mga larangan, takbuhan, at mga pasilidad sa ilalim ng Title IX; pagpapalit ng mga bus, kagamitan sa kusina, mga sasakyan ng pasilidad, at lumang teknolohiya

PANGANGASIWA AT PANANAGUTAN

Susubaybayan ng isang komite sa pangangasiwa ng komunidad ang paggasta sa bond upang matiyak na ginagamit ang mga pondo para lamang sa mga proyektong inaprubahan ng mga botante.

PANANALAPI

- Maaaring ilabas ang mga bond sa maraming serye, na ang bawat isa ay magtatapos sa loob ng 21 taon mula sa paglalabas.
- Ang panukalang-batas na ito ay inaasahang magreresulta sa rate ng ipinataw na buwis para sa bond na \$1.84 bawat \$1,000 ng nasuring halaga ng ari-arian.
- Maaaring mag-iba ang aktuwal na mga rate ng ipinataw na buwis dahil sa mga pagbabago sa mga rate ng interes at mga halaga ng ari-arian.

(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng: Beth Graser, Punong Opisyal ng Komunikasyon)